# Walang Kristo, Walang Pasko

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr. Arvin De Jesus
Disyembre 23, 2023

Ang "Pasko" ay pagsasama ng "Kristo" at "misa" na nangangahulugang banal na misa. Isa itong pagdaraos ng misa na tinatawag na Komunyon o Eukaristiya noong namatay si Hesus para sa atin, at muling nabuhay. Ipinagdiriwang ito tuwing ika-25 ng Disyembre upang alalahanin ang kapanganakan ni Hesukristo, ang Anak ng Diyos - ang pinakadakilang regalo mula sa ating Ama sa langit (Juan 3:16). Dumating si Hesus upang bigyan tayo ng pag-ibig, pag-asa at galak. Maging sensitibo sana tayo sa presensya ng Diyos at sa Kanyang pagkilos sa ating buhay. Samakatuwid, kung wala si Kristo sa ating puso, walang Pasko.

**Ang tunay na Kahulugan ng Pasko:**

**1. Ang Pagpapahayag.** Ipinahayag ni Anghel Gabriel kay Maria na siya ay maglilihi ng isang lalaki sa pagbaba ng Espiritu Santo at lililiman siya ng kapangyarihan ng Kataas-taasan. Sumang-ayon si Maria sa plano ng Panginoon at ipinaglihi niya si Hesus sa kabila ng kanyang pagiging birhen. Tinuturuan tayo ni Maria na maranasan ang galak mula kay Kristo at ibahagi ito sa kapwa. Kaya't, dapat maging masaya tayo, tulungan ang kapwa na may pagmamahal at awa.

**2. Ang Lakas ng loob nina Elizabeth at Zacarias**. Tapat at masunurin silang Hudyo sa mga utos ng Panginoon. Ang kawalan nila ng anak ay nakita ng kanilang komunidad bilang tanda na di-pabor sa kanila ang Diyos. Sa biyaya ng Diyos, at sa kabila ng kanilang edad, isinilang ni Elizabeth ang kanilang anak, si Juan Bautista. Walang imposible sa Diyos (Mt.19:26). Maging saksi rin tayo sa ating pananampalataya na may parehong tapang.

**3. Ang Pagdalaw ni Maria kay Elizabeth**. Nagdalangtao si Elizabeth sa kabila ng kanyang katandaan at nasa ika-anim na buwan na ng kanyang paglilihi noong dumalaw si Maria sa kanya. Sa galak ng pagbati ni Elizabeth kay Maria ay ganun din katindi ang pananabik niya sa pagtanggap kay Hesus, ating Panginoon at Taga-pagligtas. Ang Pasko ay isang pagkakataong makilala ang mga mahal natin. Ihanda natin ang ating mga puso upang salubungin ang Panginoon.

**4. Ang pagpapahayag ng Anghel kay Jose**. Tapat noon sa mga batas ng Diyos si Jose. Mabait siya at nais niyang protektahan ang reputasyon ni Maria at iligtas siya sa kahihiyan. Siya ay lalaking mabilis umaksyon, at sumunod agad sa utos ng Anghel. Tinanggap niya si Maria at Hesus sa kanyang tahanan nang may pagmamahal at habag. Tularan natin si Jose sa pagiging matuwid, matapat, matulungin at mahabagin upang magkaroon ng tahanan si Hesus sa ating puso.

**5. Ang ating Misyon**. Inutusan tayo ng Diyos na ipagpatuloy ang Kanyang Misyon na ipangaral ang ebanghelyo sa sanlibutan (Mateo 28:19-20). Inutusan Niya tayong lahat na maglingkod sa mundo at mahalin ang ating kapwa.

**6. Ang Alab ng Buhay.** Si Hesus ay ipinanganak sa sabsaban. Ang Hari ng Kaluwalhatian, ang Anak ng Diyos, ay ninais na makilala Siya sa mga mahihirap at mapagpakumbaba. Ang mga hayop ang unang tumanggap at nakaranas ng tunay na diwa ng Pasko. Sa mga araw na ito, tuwang-tuwa tayo sa mga regalo, pagkain, dekorasyon at kasiyahan sa mga pagdiriwang. Hindi ito mahalaga kung mayroon tayong kaunti o marami. Ang tunay na diwa ng Pasko ay ang pagdiriwang ng sukdulang regalo ng Diyos, ang kapanganakan ni Hesukristo.

**Konklusyon:**

Ang tunay na kahulugan ng Pasko ay alalahanin ang kapanganakan ni Hesukristo. Malalaman lang natin ang tunay na kaligayahan ng Pasko kung nakapokus tayo ngayon kay Hesus. Dumating Siya mula sa langit upang mamuhay sa mundo at magkatawang tao upang itatag ang kaharian ng Diyos. Laging isipin na ang tunay nating katauhan ay kapayapaan at pagkaka-isa. Kaya, magsanay tayong magkaroon ng mabuting kalooban sa lahat ng tao hindi lamang tuwing Pasko kundi sa araw-araw.

**Pagninilay:**

Ano ang kahalagahan ng diwa ng Pasko sa iyong buhay? Paano mo ibinabahagi ang pagmamahal ni Hesus sa mga taong nakasasalamuha mo?

**SCRIBES Ministry:**
**Isinalin ni:** Sis. Thess P. Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida A. Cruz
https://lordsflock.org/digests
Tags: #Pasko